

Ateneo de Manila University

Archium Ateneo

Filipino Faculty Publications

Filipino Department

2-2006

Matang Turista sa Pelikulang Pilipino

Alvin B. Yapan PhD

Follow this and additional works at: <https://archium.ateneo.edu/filipino-faculty-pubs>



Part of the [Film and Media Studies Commons](#), and the [Tourism and Travel Commons](#)

Matang Turista sa Pelikulang Pilipino

Alvin B. Yapan

*Nakalilikha ng panibagong pagpapabalaga sa pagtanaw ng lokal at dayuhang espasyo ang kasalukuyang pagbubuo ng kultura ng turismo sa bansa. Higit na tinitingnan ang dayuhang espasyo bilang lunan ng panlipunang pagbabago kung itatambis sa lokal na espasyo, na maaaring magsilbing paliwanag ng pag-asang nakikita ng mga Filipino sa kanilang pangigingbang-bansa. Gagamitin ang dalawang pelikula ni Olivia Lamasan: **Sana Maulit Muli at Milan**, upang magsilbing ilustrasyon kung papaano nasasalamain sa kontemporaryong biswal na midya ang ganitong epekto ng kultura ng turismo sa bansa. Sa pamamagitan ng pag-aaral sa sinematograpiya at mise-en-scene, ipaliliwanag kung papaano nagiging turista rin ang manonood na Filipino sa kanilang pagkonsumo sa pelikula. Kung kaya, nagiging mapanlinlang ang pagtanaw sa dayuhang espasyo bilang lunan ng panlipunang pagbabago dahil istatiko ang nagiging pagkakarawan nito.*

Ang pagdadala ng diskurso ng pelikulang Filipino sa dayuhang lunan ang isa sa mga nagiging uso ngayon sa biswal na kultura ng mga Filipino. Huling hati pa lamang ng 1960s at unang hati ng 1970s nagkaroon na ng ganitong takbo sa kasaysayan ng pelikulang Filipino sa mga ginawang pelikula halimbawa ng Premiere Productions at AM Productions. Natigil man ang ganitong kalakaran sa panahon ng batas militar sa paghihigpit sa pagbibiyahе palabas ng bansa, nanumbalik muli ito noong mga huling dekada ng 1970s at mga unang dekada ng 1980s. Dumalang na lamang ang ganitong mga pelikula nang bumaba na nang bumaba ang halaga ng piso sa pagkakapaslang kay Ninoy Aquino noong 1983 (“The Filipino,” 2004). May binabalikang kasaysayan, kung gayon, ang kasalukuyang hilig sa pagdala ng produksiyon ng pelikula sa dayuhang lunan, na naapektuhan pati ang mga tinatawag ngayong

reality television (nandiyan halimbawa ang *Extra Challenge* ng GMA 7 at ang dating *Victim Undercover* ng ABS CBN 2, na dinala ang kanilang mga programa sa iba't ibang lugar dito sa Asya), mga *music video* (nandiyan halimbawa ang *music television* ng mga *pop stars* na sina Sarah Geronimo at Mark Bautista), huwag nang isama ang mga patalastas sa telebisyon pati ang pagpapanibago ng pormat ng pagbabalita sa *TV Patrol World*. Masasabing isa na naman itong uri ng *mimicry*, kung gagamitin ang terminolohiya ni Homi K. Bhabha,¹ ng lokal na industriya upang makasabay sa delubyo ng mga dayuhang programa sa biswal na kultura ng mga Filipino na ipinangangalandakan ang pagiging global ng kanilang pananaw. Upang hindi mapatianod o malunod, sumasakay din ang lokal na industriya sa paglikha ng ganitong mga imahen na malawakan ang sakop upang hindi mahuli sa kinokonsumo ng mga nahirating mga lokal na manonood sa mga usong pinasisimulan sa Kanluran. Kung kaya nagkakaroon ng kahingian na makalikha ng parehong hitsura sa produksiyon ng mga imahen sa telebisyon at sa pelikula. Nagiging parang pinaghalong *Amazing Race* at *Fear Factor* halimbawa ang mga programang *Victim Undercover* at *Extra Challenge*.

Ngunit hindi na sapat na basehan ng usapin ng *mimicry* ni Bhabha ang ganitong penomenon kung saan nagiging isang uri ng pagbalikwas ang panggagaya sa mga dayuhan. Bukod sa pagiging reaksiyon sa mga nakakubling puwersa ng neokolonyalismo, nagpapakita din ito ng higit na malalim na pagpapahalaga sa lokal na espasyo. Hindi na lamang sapat sabihin na pagpapakita ang ganitong penomenon ng dinamikong katangian ng neokolonyalismo kung saan nakakahanap din ng guwang ang kultura ng sinasakop upang kuwestiyunin ang awtoridad ng Sentro. Indikasyon din ito kung paano tinatanaw ng mga artista sa biswal na midya ang lokal na espasyo kung itatabi sa dayuhang espasyo. Mahalagang itanong na, bilang alternatibo sa paglulugar ng diskurso ng pelikulang Filipino sa lokal na espasyo, bakit nagkakaroon ng kahingian na dalhin sa dayuhang espasyo ang ganitong produksiyon ng mga imahen na kokonsumuhin ng manonood na Filipino. Kailangang maintindihan na bago pa man naging istrategiya ng pagbalikwas

ang panggagaya, nagkakaroon na muna ng pagtataya kung bakit kinakailangang iwan ang lokal na espasyo. Hindi papasukin ng papel ang hayag na ugat nito sa katunayan ng lumalaking populasyon ng mga *Overseas Filipino Workers* (OFWs) sa bansa. Ang pag-aaralan ng papel ay kung papaano maaaring basahin bilang epekto o ekstensiyon ng proyektong panturismo ng ekonomiya sa Pilipinas ang kasalukuyang pagpapahalaga sa dayuhang espasyo. Hindi na lamang nagiging tiwalag ang mga Filipino sa sarili niyang lokal na espasyo sa literal na paglisan dito dala ng pagtatrabaho sa ibang bansa. Nagiging tiwalag na rin siya sa sarili niyang tahanan dala ng proyekto ng turismo sa bansa gayong pinapatawan nito ng halaga pati ang lokal na espasyo at kung paano ito pahahalagahan ng mamamayang Filipino.

Isa sa mga naging pinakapangunahing proyekto ng pamahalaang Arroyo ay ang pagpapalago ng industriya ng turismo sa bansa, upang makalikha ng mga trabaho, makapagdala ng dayuhang pera sa ikalalago ng ekonomiya ng Pilipinas, at upang makapaghikayat na rin ng mga mamumuhunan sa bansa, huwag nang isama ang pagpapaganda ng imahen ng Pilipinas sa internasyonal na pamilihan. Patunay nito ang pagkakatanggap ng Department of Tourism na pinamumunuan ni Tourism Secretary Richard Gordon ng budget mula sa House Committee on Appropriations ng 1.15 bilyong piso ng nakaraang taon. Nang magharap si Gordon ng kanyang mga plano kung saan gagastusin ang nasabing badyet kabilang dito ang:

key infrastructure projects like airport improvement and development, tour packages, PR programs, marketing strategies, establishment of tourism economic zones and the promotion of Wealth of Wonders (WOW) Philippines (Balana, 2003: 5).

Sa ganitong suporta ng pamahalaan sa proyekto ng turismo sa bansa, tumaas ang bilang ng mga turista sa Pilipinas sa 2.18 milyon sa unang anim na buwan ng 2004 mula 1.68 milyon noong

2003. Ibig sabihin, 30% ang itinaas. Tumaas din ang mga inaprubahang *tourist visa extension* ng Bureau of Immigration ng 18%: mula 85,822 noong unang anim na buwan ng 2003 na naging 103,037 noong nakaraang taon, ayon sa mga estadistikang ipinalabas ng Bureau of Immigration (Depasupil, 2004: A2).

Kaakibat ng paghikayat ng pagbisita ng mga turista sa bansa ay ang mismong pagbubuo ng kultura ng turismo sa loob mismo ng Pilipinas. Hinihikayat ang mga Filipino na maging turista sa sarili niyang bansa. Halimbawa nito ang paglulunsad ng *Explore 2002* at *Expedition 4x4 Challenge* noong Pebrero at Abril ng 2002 upang pasiglahin ang industriya ng turismo sa Hilagang Luzon. Ayon nga sa isang balita:

These events are part of President Gloria Macapagal-Arroyo's aggressive tourism promotion campaign in an effort to tap the billion dollar world tourism industry.... [S]he also declared the four-day workweek for government employees to encourage them to travel and to take their families around the country ("Domestic tourist," 2002: 21).

Ang lokal na turismo rin ang isa sa mga naging dahilan ng pagkakatatag ng Strong Republic Nautical Highway noong 2003. Sumasang-ayon sa ganitong proyekto pati ang pribadong sektor katulad ng masasalamin sa naging pahayag ni Robert Lim Joseph ng Save Our Skies Movement (SOS) at Network of Independent Travel Agencies (NITA):

We want to inculcate in local leaders a pride of place and people and an appreciation of tourism. We want to open their eyes to the great potentials of tourism. We should have the culture of welcoming tourists ("Tour groups," 2003: 2).

Kung ibinebenta ngayon ang Pilipinas sa pagkonsumo ng mga turista, mapa-lokal na turista man o dayuhan, masasabing

sinasalamín lamang ng biswal na midya ang ganitong kalakaran sa lipunan, na lumilikha ng balwasyon sa pagitan ng dayuhan at lokal na espasyo. Ngunit kapag sinasabing sinasalamín ng biswal na midya ang ganitong kalakaran ng ekonomiya sa bansa parang may pagpapalagay na sumusunod lamang, kung gayon pasibo, ang biswal na midya lalung-lalo na pagdating sa usapin ng representasyon ng mga espasyo. Maaari ngang may mga anyo sa biswal na kultura ng mga Filipino na tagasunod lamang sa ganitong kalakaran ng sistemang pang-ekonomiya ng bansa, halimbawa na nga dito ang mga programa sa GMA 7 at ABS CBN 2. Sa binubuong kultura ng turismo, hindi maiiwasang maghanap ang masang Filipino ng satsipaksiyon ng ganitong paghahanap ng mga bagong espasyo sa biswal na midya na maaari nilang mabili gayong wala naman silang kakayahang magpalabas ng pera upang matugunan lamang ang pagnanasang pinupukaw sa kanila ng kulturang panturista. Umaabot lamang ang *median family income* sa P88,782. May silbi rin kung gayon ang mga pagsunod ng ilang anyo ng biswal na midya sa kalakaran ng sistema ng ekonomiya dahil ang mga programang ito ang panandaliang umaampat sa mga pagnanasang napupukaw sa mga manonood na wala namang kapasidad na makisabay sa ganitong pagkonsumo ng panturistang espasyo. Ngunit sana'y panandalian lamang ito at hindi ang maging kalakaran, dahil hindi naman hinaharap nang tuwiran ng pagsakay sa uso ng mga programang pantelebisyon sa paglulugar ng kanilang produksiyon sa mga dayuhang lugar ang pangunahing problema ng mga Filipino ukol sa kahirapan o sa kakulangan ng trabaho na nagbubunsod sa kanilang mangibang bansa at nagbubunsod sa mga lokal na pamahalaan na tumulong sa proyekto ng turismo sa loob ng bansa.

Ang ganitong panandaliang pag-ampat sa kahingian ng masang Filipino na maging turista ay nangyayari sa pamamagitan ng paggawa ng panahon sa telebisyon o sa loob ng sinehan bilang isang espasyo, kung saan pinahihintulutan ang manonood na maglakbay. Sa puntong ito magiging mabungang itambis ang paglalakabay na ito ng kamalayan ng manonood na Filipino na binuo ng isang panturistang ekonomiya sa binuong konsepto ni

Jean Baudrillard ukol sa *flaneur*. Para sa Kanluran, ang flaneur ay isang

multilayered palimpsest that enables us to ‘move’ from real products of modernity, like commodification and leisured patriarchy, through the practical organisation of space and its negotiation by inhabitants of the city, to a critical appreciation of the state of modernity and its erosion into the post-, and onwards to a reflexive understanding of the function, and purpose, of realist as opposed to hermeneutic epistemologies in the appreciation of those previous formations (Jenks, 1995: 148-9).

Ibig sabihin, tinitingnan ng Kanluran ang paglalakad ng flaneur bilang isang mapagpalayang ehersisyo dahil nakukuwestiyon nito mismo ang modernismo sa espasyong nilalakad niya. Ngunit hindi ganito ang kaso para sa manonood na Filipino na nahaharap sa telebisyon o sa puting tabing. Hindi siya katulad ng manonood ni Baudrillard sa harap ng telebisyon. Sa paggawa ng telebisyon sa kanyang oras bilang espasyo, ninanakawan nito ang geograpikal na espasyo na iprinipresenta sa telebisyon o puting tabing ng dinamismo ng panahon. Nagagawa ito ng biswal na midya dahil ang manonood na Filipino ay hindi pamilyar sa ipriniprisintang mga espasyo. Hindi siya katulad ng flaneur na nakatira rin sa espasyong kanyang nilalakad kung kaya nakukuha niyang maging parang walang pakialam. Ayon nga kay Benjamin (1999: 264), “*the perfected art of the flaneur includes a knowledge of ‘dwelling’*”. Walang pamilyaridad sa kamalayan ng isang turista. Nagkakaroon kung gayon ang espasyo ng esensyalistikong proyekto sa pagpapatigil ng panahon sa mga espasyong naturan. Binibigyan ang manonood ng esensyalistang pagmamasid ng ganitong mga palabas dahil inilalabas ang espasyo sa panahon. Ganito ang panahon para sa isang turista. Hindi nagbabago. Nandoon lamang siya sa kanyang paraiso kung saan maganda ang lahat dahil walang nagbabago, lahat kung gayon ay maayos dahil istatiko.

Sa harap ng ganitong kalagayan, matatagpuan kung gayon ang pagkuwestiyon sa produksiyon ng mga imahen ng dayuhang espasyo sa pamamagitan ng paglalagay sa kanila sa loob ng mga panahon ng naratibo. Ang pelikula ang pinag-uusapan ko rito. Hindi naman sinasabi na walang kapasidad ang iba pang anyo ng biswal na midya. Mapapansin lamang na sa lahat ng iba pang anyo sa biswal na midya ang pelikula ang kasalukuyang nagpapakita ng ganitong posibilidad. Nandito ang kapasidad ng pelikulang Filipino na hindi lamang ampatin ang pagnanasang napupukaw kung hindi ang baguhin ang pagnanasang ito ng mga Filipino, sa pamamagitan halimbawa ng pagpapakita na ang pagiging flaneur ay hindi yata bagay sa kulturang Filipino dahil mayroon siyang batayang pangangailangan para sa kabuhayan. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagdaan ng isang tauhan sa panahon ng naratibo at sa dayuhang espasyo, nabubuwal ang tekstuwal na katangian ng dayuhang espasyo bilang panturista lamang. Hindi nakakapagtaka na ang pangunahing tauhan na magpapakita ng ganitong kalagayan ay ang OFW dahil siya ang literal na nadadala sa dayuhang espasyo at siya ang napipilitang mabuhay sa loob ng ganoong uri ng espasyo sa loob ng realistikong panahon. Kung kaya't hayag na dala man ng pagpasok ng biswal na midya sa mga dayuhang espasyo, nasasangkot din dito ang pagpapahalaga ng kamalayan ng Filipino sa lokal na espasyo kung itatabi sa dayuhang espasyo, lalung-lalo na pagdating sa usapin ng panlipunang pagbabago. Patutunayan na ipinakikita ng pagpasok sa dayuhang espasyo ng biswal na kultura ng mga Filipino ang paniniwala ng mga artistang Filipino ukol sa kapasidad ng lokal na espasyo sa paghuhulma ng mga institusyon ng pagbabago.

Dayuhang Espasyo sa Pelikula ni Olivia Lamasan

Sa ganitong proyekto hindi matatawaran ang kontribusyon ng mga pelikula ni Olivia Lamasan. Magmula pa sa kanyang pelikulang *Sana Maulit Muli* (1995), na nanalo ng pinakamahusay na pelikula ng taon noong 1995 para sa Gawad Urian ng mga Manunuri ng

Pelikulang Filipino, hanggang sa *Milan* (2004), ganito ang nagiging proyekto ng kanyang mga pelikula. Nagiging mahalaga kung gayon ang filmograpiya ni Lamasan sa usapin ng representasyon ng dayuhang espasyo sa pelikulang Filipino. Paulit-ulit niyang binabalikan ang karanasan ng mga OFWs magmula pa noong una niyang pelikula, ang *Maalala Mo Kaya: The Movie* (1994).

Binubuwag ng kanyang mga pelikula ang pagmamasid panturista sa dayuhang espasyo. Nandiyan parati sa dalawa niyang pelikula ang espasyong binubuo ng mga migranteng Filipino sa dayuhang espasyo. Nandiyan ang kahingian ng pagbubuo ng ekstensiyon ng lokal na espasyo sa dayuhang espasyo. Mapapansin halimbawa kung papaano binubuo ng mga lokal na produkto, mula Café de Oro hanggang sa mga kanta ng Masculados, ang ekstensiyong ito sa dayuhang espasyo. Ngunit dahil sa kalagayan bilang dayo nagkakaroon lamang ng espasyo ang mga Filipinong migrante sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kanilang mga kinikita upang makapagtakda ng sarili nilang espasyo sa loob ng dayuhang espasyo. Mapapansin halimbawa na magkapareho ang pagkakarawan ng espasyo ng migranteng Filipino sa *Sana Maulit Muli* at *Milan*. Magulo, hindi maayos, maraming tao ngunit kinakailangan para sa kaligtasan ng lahat lalung-lalo na kung iligal



Si Jerry (Aga Muhlach) at si Agnes (Lea Salonga) sa isang eksena sa pelikulang **Sana Maulit Muli**.

ang pagpirmi sa dayuhang espasyo. Sa pelikula din ni Lamasan nandiyan parati ang banggaan ng mga kultura (*culture shock*) ng mga migranteng Filipino na hindi panturista ang dayuhang espasyo kung kaya kinakailangang magsikap. Ganito ang naging payo ni Daisy (Tina Paner) kay Agnes (Lea Salonga); ganito rin ang naging payo ni Jenny (Claudine Barreto) kay Lino (Piolo Pascual).

Upang mapahalagahan ang pagbabaklas ni Lamasan ng pagmamasid panturista na nabubuo sa kamalayan ng manonood na Filipino dala ng proyekto ng pagpapalago ng turismo sa lokal na ekonomiya, kailangang pansinin ang ginagamit na sinematograpiya at *mise-en-scene* niya sa kanyang mga pelikula. Kinukunan ng kanyang kamera ang mga tanawin sa dayuhang espasyo na parang mga *postcard*: magagandang pastoral na tanawin, panoramiko ang saklaw ng kamera, pinagaganda ang tanawin ng ilaw mula sa papasikat o papalubog na araw. Sinematograpiya at *mise-en-scene* kung gayon na kadalasang ginagamit sa mga dokumentaryo at patalastas ng mga panturistang destinasyon. Kung kaya sa isang rebyu ng *Sana Maulit Muli*, ganito ang naging pahayag ng isang kritiko:

We see her [Lea Salonga] walk Aga past the Golden Gate, explaining that this is the Golden Gate. It's the West coast equivalent of that telecommunication company's ad where Salonga walks among the wonders of New York, but her heart still belongs to Manila.... It's an effective tearjerker of a scene, but you can't help giggling because at any moment, you expect to see the words PLDT plastered across the screen (Vera, 1995: 19).

Ngunit hindi kahinaan para sa proyekto ni Lamasan ang pagkopya sa ganitong teknik ng sinematograpiya at *mise-en-scene*. Kinakasangkapan niya ito upang tuligsain ang pagmamasid panturista sa dayuhang espasyo. Gamitin man ang ganitong sinematograpiya ni Lamasan, ang posisyon namang kinatatagpuan ng kanyang mga tauhan ay malayo sa pagiging kasingganda ng

tanawin sa kanilang likod. Kung kaya nakalilikha si Lamasan ng malalim na ironiya kung saan nandoon man sa mga turistang tanawin ang kanyang mga tauhan, hindi naman sila mga turista. Pinapaalala nga sa isip natin ang nilikhang larawan ng dayuhang espasyo ng Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) *commercial* ngunit sa pagkakataong ito hindi na ito isang patalastas kung hindi isa nang totoong entidad na may epekto sa mga tauhan. Sa kaso ng *Sana Maulit Muli*, ito ang eksena na kailangang kumpirmahin ni Agnes kay Jerry na ang pagiging Golden Gate ng Golden-Gate-sa-postcard ay ang Golden-Gate-na-kaharap-nila. Kailangang ipakita iyon ni Agnes kay Jerry dahil dapat niyang patunayan kay Jerry na ang postcard na Golden Gate ang naranasan niya. Ngunit alam ng manonood na hindi naman talaga ito totoo at niloloko lamang ni Agnes ang kanyang sarili dahil muntik na siyang magahasa sa dayuhang espasyo na katatagpuan ng tunay na Golden Gate, nagpupunas siya ng puwit upang kumita lamang. Sa panig naman ni Jerry hindi naman siya nakumbinsi ng pagkumpirma ni Agnes ng pagiging Golden Gate ng Golden Gate dahil kailangan naman niyang igiit ang kanyang pagkalalaki sa pagiging emaskulado niya sa San Francisco sa kawalan ng trabaho, kung gayon kawalan ng kapangyarihan, na epektibong naipahayag ng kanyang pakiramdam na para siyang tae sa loob ng dayuhang espasyo.

May isang eksena sa *Milan* na magiging magandang halimbawa ng ganitong punto. Bahagi lamang ang maliit na eksena ng isang mahaba-habang *montage* ng mga eksena ukol sa magkasabay na pagtatrabaho nina Lino at Jenny na pinagkabit-kabit ng mga *fades*. Sa isa sa mga eksenang ito ipinapakitang pinadalhan ng *text message* ni Lino si Jenny habang naghahalaman ang huli sa taas ng balkonahe ng isa sa mga pinagtatrabahuan nilang bahay. Maganda raw ang view mula sa kinatatayuan ni Lino. Saka natin makikita na nasa baba lamang pala ng balkonahe si Lino. Ang maganda pala sa view ay si Jenny na pinagmamasdan ni Lino mula sa baba. Naglilinis naman si Lino ng sasakyan sa ibaba. Pagkakita sa kanya ni Jenny magkakatuksuhan ang dalawa. Sa likod ni Lino makikita ang malawak na luntiang tanawin ng Milan. Ang sinematograpiya

sa eksenang ito ay maganda. Mala-postcard. Pinlano ang eksena na parang patalastas ng isang ibinebentang bahay at lupa. Nakalilikha ng ilusyon ang eksena na parang mag-asawa sina Lino at Jenny: ang babae ay naghahalaman, ang lalaki ay naglilinis ng kanyang sasakyan.

Gumagalaw ang eksena sa napakaraming nibel ng produksiyon ng magandang larawan. Akala mo'y ang literal na tanawin, ang topograpiya ng Milan, ang inilalarawan dahil sa ganda ng tanawin, ngunit si Jenny pala ang tinutukoy ni Lino.



Sina Claudine Barretto at Piolo Pascual bilang Jenny at Lino sa pelikulang **Milan**.

Ngunit kung si Jenny ang tinutukoy, si Jenny itong naglilinis ng bahay. Tinutuligsa kung gayon ang “masayang” sinematograpiya dahil ang nagiging maganda ay si Jenny. Ngunit pati itong pagtanaw sa bagay bilang maganda dahil sa romantikong pagpapahalaga ay tinutuligsa din dahil sa naglilinis si Jenny bilang katulong. Kung kaya nagiging maparikala at kung gayon epektibo ang mise-en-scene at sinematograpiya sa mga pelikula ni Lamasan. Parehong mga eksena ang ipinipinta sa mga panturistang pelikula ngunit ang ipinapakita ay mga tauhang hindi istatiko kung hindi gumagalaw sa loob ng espayong naturan, hindi lamang dumadaan kung hindi nabubuhay sa ganoong mga espasyo. Naipakikita kung gayon kung paano nananatiling dinamiko ang imaheng binuo ng panturistang biswal na kultura ng mga lente ni Lamasan.

Kaparehong epekto rin ang nalilikha sa *Sana Maulit Muli*. Unang makikita ang panoramikong pagtanaw sa isang taniman ng puno ng pino. Maganda ang tanawin. Mala-postcard muli. Ngunit pag-alis ng panoramikong anggulo at pagtungo sa detalye ng eksena, makikita natin si Jerry na nagpuputol at nagpapasan ng mga puno

ng pino para sa kanyang mga dayuhang kustomer. Ganito rin ang mga kaso sa mga eksena ng ubasan sa *Milan*. Mamasyal man na parang mga turista ang kanyang mga tauhan, may nakaambang suliranin pa rin na nagagawa lamang nila ito dahil sa *day-off* at sa pahintulot ng kanilang mga amo. Nandoon kung gayon sila hindi bilang mga turista. Hindi iyon ang kalakaran ng kanilang pamumuhay sa dayuhang espasyo. Kung kaya masasabing mapanlinlang ang pagiging romantiko o melodramatiko ng lente ng mga pelikula ni Lamasan. Kung sasabihin na pang-masa ang anyo ng melodrama higit kung gayon itong nagiging epektibo dahil hindi nito inaampat ang pagnanasa sa kamalayan ng masa. Sa halip na makisakay sa uso ng turismo sa produksiyon ng mga espasyo sa biswal na kultura, tinutuligsa niya ito.

Nagiging problematiko nga lamang ang tinutunton ng filmograpiya ni Lamasan dahil sa kanyang pagbubuwig sa panturistang pagmamasad sa dayuhang espasyo ding ito inilulugar ni Lamasan ang kanyang paninindigan ukol sa panlipunang pagbabago. Sa *Sana Maulit Muli*, nagbabago lamang ang imahen ng patriarkal na pamilya sa pagkakaligaw ni Agnes sa Estados Unidos. Kung kaya naghirap man siya sa U.S. sa huli nakabuti ito kay Agnes lalung-lalo na pagdating sa pagpapalaya ng kanyang pagkababae sa patriarkal na sistema na namamayani sa Pilipinas. Ipinakita ang pamilya ni Jerry bilang patriarkal. Bungangera man si Lita (Gina Pareño), ang ina ni Jerry, bungangera siya hindi dahil sa hindi patriarkal ang pamilya nila kung hindi dahil hindi niya nakikita ang pagiging patriarkal ng pamilya nila dahil ang bumubuhay sa pamilya ay ang ina at hindi ang ama. Ang konsepto ng pamilya ni Lita ay isang masunuring asawang babae at ang isang lalaking asawang magpapakain at mabuting amang mangangalaga sa kanyang pamilya. Hindi ganito ang kaso para kay Lita. Ipinagpapatuloy niya ang pagpapatatag sa patriarkal na pamilya sa kanyang mga anak, sa pagkumbinsi kay Jerry na maging malakas hindi katulad ng kanyang tatay, at sa kanyang manugang na maghuhugas na lamang sa kusina dahil wala namang silbi. Indikatibo nito ang eksena kung saan tumawag si Jerry sa Pilipinas. Sa pagtawag

ni Jerry sa Pilipinas, magkakaintindihan sila ng kanyang ama, si Ben (Tommy Abuel), kung paano kapwa sila nasasakal bilang mga lalaki sa loob ng patriarkal na sistema. Naintindihan ito ni Jerry dahil sa U.S., si Agnes na sa kanilang dalawa ang may trabaho at siya ang wala. Katulad ng kalagayan ni Ben sa Pilipinas na higit na mababa ang estado sa buhay kung ihahambing sa kanyang napangasawang si Lita. Hindi nabubuwag ang patriarkiya sa pamilya ni Ben dahil idinidiin pa rin ni Lita ang responsibilidad ng ama sa pagpapakain sa kanyang pamilya. Ngunit naintindihan nina Agnes at Jerry na kailangan lamang talagang magbago ang istruktura ng pamilya sa harap ng suliranin ng kabuhayan at kaligtasan sa dayuhang espasyo. Nagkakaroon ng pagbabago sa kanilang mga pananaw dahil napunta sila sa U.S.. Malayong maganap ito kung nanatili si Jerry sa Pilipinas.

Kung gayon, binubuwag man ni Lamasan ang dayuhang espasyo bilang panturistang espasyo, dito naman niya inilulugar ang pagpapalaya sa mga babae. Na para bang lalaya lamang ang babae kung aalis siya sa Pilipinas at pupunta ng U.S.. Kung may pagkakataon man sana si Lita na gamitin ang lokal na espasyo na batbat ng kahirapan upang maging sityo rin ng pagpapalaya sa kanyang pagkababae hindi niya ito ginagawa. Kung gayon lumalabas na ang usaping pangkasarian ng mga babae ay matutupad lamang sa dayuhang espasyo. Ganito ang nangyari sa ina ni Agnes nang umalis ito papuntang U.S.. Nagiging istatiko kung gayon ang lokal na espasyo, nagiging baog sa panlipunang pagbabago gayong nakikita ang mekanismo para sa transpormasyon sa paghihirap sa dayuhang espasyo. Hindi nakikita ang kahirapan sa lokal na espasyo bilang mekanismo para sa transpormasyon. Ganito ang naging kaso sa pelikulang *Sana Maulit Mulit*, kung kaya sabihin man ni Jerry sa pagtatapos ng pelikula na may kani-kaniya lamang talagang istrategiya ang bawat tao, na hindi naman lahat ng tao ay gustong tumira sa U.S., lumalabas na ang peminismo para sa pelikulang ito ay magkakaroon ng pagsulong sa dayuhang espasyo. Sa dayuhang espasyo nagbago ang kining si Agnes, sa dayuhang espasyo din nakita ni Jerry ang pagiging patriarkal ng kanyang pananaw, sa

dayuhang espasyo din nabuo ang pagiging nasyunalistiko ni Jerry, at sa dayuhang espasyo niya nakuwestiyon ang kanyang mga pagpapahalaga bilang *middle class*.

Kung kaya siguro pagkatapos ng walong taon, pinapalitan ni Lamasan ang ganitong konklusyon sa pagtatapos ng kanyang pelikula. Sa *Milan*, hindi na balak umuwi ni Lino gayong may buhay na rin daw siya doon, ayon nga sa eksenang mala-dokumentaryo sa pelikula. Hahahanapin ang sarili niyang buhay dito sa Milan. May kani-kaniya na silang buhay, ng kanyang iniwang pamilya sa Pilipinas, ng kanyang dating asawang si Mary Grace. Kung kaya inaalís na ni Lamasan ang dating pribilehiyong ibinigay niya sa dayuhang espasyo sa *Sana Maulit Muli* bilang sityo para sa panlipunang pagbabago. Sa *Milan* binubuwag na ni Lamasan ang dikotomiya sa pisikal na lokal at dayuhang espasyo sa pamamagitan ng paglulugar nito sa loob ng tao. Kung kaya sa pagtatapos ng *Milan*, sasabihin ni Jenny: “Hindi pala naibibigay ang kaligayahan, hindi ito nahahanap sa ibang tao, o sa isang lugar. Nasa sa iyo iyon. Ikaw mismo ang makakahanap ng makapagbibigay noon sa sarili mo.” At sa loob ng espasyong ito na pinaglulugaran na ngayon ni Lamasan ng kanyang paninindigan para sa panlipunang pagbabago, ang nagtatagisan ay ang pangangailangan at sariling pagpapasya. Ayon nga kay Jenny: “Mahal mo ba ako dahil kailangan mo ‘ko? O kailangan mo ‘ko kaya mahal mo ‘ko?” Nagiging usapin na ng kaligtasan sa dayuhang espasyo ang pagmamahal, ang pagnanasa, ang damdamin ng tao. Pangangailangan ba o pagpapasya ang nagiging ugat ng mga ugnayan ng tao sa dayuhang espasyo? Ngunit ang magiging sagot ni Lamasan siguro sa kanyang pag-aaral sa representasyon ng dayuhang espasyo ay aabutin muli ng mahaba-habang panahon at pag-aaral. Pansamantala, ang ibinibigay lamang niyang kasagutan sa manonood sa pagtatapos ng *Milan*, bilang sagot sa tanong ni Jenny ay: “Mahal kita at kailangan kita, Jenny. Iyon lang ang kaya kong isagot.” “At” ang ginagawang pang-ugnay sa pagmamahal at pangangailangan. Hindi “dahil” at hindi rin “kaya.” Paunang inkursiyon lamang ito marahil ni Lamasan sa panibagong espasyong

kanyang nilulusong sa pagkakagawa sa *Milan*. Ang mahalaga'y nabuwag niya ang pagmamasid panturista sa dayuhang espasyo nang ibinabalik din ang pagpapahalaga sa lokal na espasyo. Kung kaya't ibinibitin ng pelikula kung uuwi ba talaga sina Jenny at Lino sa Pilipinas. Kung susunod ba si Lino kay Jenny sa Pilipinas o hindi na magbabalak umuwi si Jenny sa Pilipinas. Dahil hindi na mahalaga kung saang pisikal na espasyo dahil inilulugar na sa indibidwal na tao.

Tala

¹ Tingnan ang pagtalakay ni Bhabha (1994) ng mimicry.

Talasanggunian

- Balana, C.D. (2003, September 11). Gordon gets P1.1B budget boost for tourism. *Philippine Daily Inquirer*, 5.
- Benjamin, W. (1999). The return of the flaneur. In *Selected writings*. vol. 2, 1927-34. Jennings, M.W., Eiland, H. & Smith, G. (Eds.) Cambridge and London: The Belknap Press of Harvard University Press. 264.
- Bhabha, H.K. (1994). Of mimicry and man: The ambivalence of colonial discourse. In *The location of culture*. London and New York: Routledge.
- Depasupil, W.B. (2004, July 29). Number of visitors rising despite bad news about RP. *The Manila Times*, A2.
- Domestic tourist arrivals in Northern Luzon rise sharply. (2002, June 28). *Business World*, 21.
- Jenks, C. (1995). Watching your step: The history and practice of the flaneur. In *Visual culture*. London and New York: Routledge. 148-9.
- Milan: Feast for the eyes, great food for the soul*. (2004). Retrieved April 20, 2004 from [www.opmhits.com/news/feb1_wk1\(04\)/milan.asp](http://www.opmhits.com/news/feb1_wk1(04)/milan.asp)

- Tour groups to promote culture of tourism in RP. (2003, July 7).
Manila Bulletin, 2.
- Vera, N. (1995, August 12). I left my brain in San Francisco, *Manila Chronicle*, 19.

Alvin B. Yapan is a faculty member of the Department of Filipino of the Ateneo de Manila University. He is pursuing his Ph.D. in Philippines Studies degree at the University of the Philippines in Diliman. His short stories have won the Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. He is a product of the U.P. Writer's Workshop.